

Qui salutem humani generis in ligno Crucis constituisti: ut, unde mors oriebatur, inde vita resurgeret: et, qui in ligno vincebat, in ligno quoque vinceretur: per Christum, Dominum nostrum.

Per quem maiestatem tuam laudant Angeli, adorant Dominationes, tremunt Potestates. Caeli caelorumque Virtutes, ac beata Seraphim, socia exultatione concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admitti iubeas, deprecámur, supplici confessione dicentes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • *Heb 9:28*

**CHRISTUS** semel oblitus est ad multorum exhaurienda peccata: secundo sine peccato apparebit expectantibus se in salutem.

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**AD** sacram, Domine, mensam admíssi, háusimus aquas in gáudio de fóntribus Salvatoris: sanguis ejus fiat nobis, quæsumus, fons aquæ in vitam ætérnam salientis: Qui tecum vivit et regnat.

Sapagkat sa itinakda mo na ang kaligtasan ng sangkatuhan ay maganap sa kahoy ng Krus, upang ang pinagmulan ng kamatayan ay magdulot sa amin ng buhay, at ang nanaig sa kahoy ay madaig naman sa krus, alang-alang kay Cristong aming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:

— **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

**SI CRISTO'Y** minsan lamang inihandog upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya'y muling darating, hindi upang muling ihandog dahil sa kasalanan, kundi upang iligtas ang mga naghihintay sa kanya.

**KAMING** mga pinakinabang Mo sa banal na piging, Panginoon, ay sumalok din na masaya sa batis ng aming Tagapagligtas: at ang kaniya nawang Dugo ay magsilbi sa aming bukal ng buhay na walang hanggan. Siyang nabubuhay at naghahari...

*Hulyo 1*

## KAPISTAHAN NG MAHAL NA DUGO NG PANGINOONG JESUCRISTO

*Misa "Redemisti"*

• *I cl.* • *Doble I cl.* • *Pula*

#### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Pah 5:9-10*

**REDEMISTI** nos, Domine, in sanguine tuo, ex omni tribu et lingua et populo et natione: et fecisti nos Deo nostro regnum. — *Ps 88:2* Misericórdias Domini in ætérnum cantábo: in generationem et generationem annuntiábo veritatem tuam in ore meo. *V.* Gloria Patri. Redemisti nos.

**TINUBOS** mo kaming lahat, O Panginoon, sa pamamagitan ng iyong Dugo: kaming buhat sa bawat angkan, at wika, at bayan, at bansa. Kami ay ginawa mong kaharian sa aming Dios. — *Salmo 88:2* Aking aawitin ang kagandahang-loob ng Panginoon magpakailan man: aking ipababatid ng aking bibig ang iyong katapatan sa lahat ng sali't saling lahi. *V.* Luwalhati sa Ama. — Tinubos Mo...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios).

#### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**OMNIPOTENS** sempitérne Deus, qui unigénitum Fílium tuum mundi Redemptórem constituisti, ac ejus Sanguine placári voluisti: concéde, quæsumus, salutis nostræ prætium sollémni cultu ita venerári, atque a præséntis vitæ malis ejus virtute deféndi in terris; ut fructu perpétuo lætémur in coelis. Per eúndem Dóminum.

**O DIOS** na makapangyarihan at walang hanggan, itinatag Mo na ang Iyong bugtong na Anak ay siyang maging Manunubos ng sanlibutan, at niloob mong maipagkasundo muli ito sa Iyo sa Kaniyang Dugo. Hinihiling namin na kaming namimintuho rito sa banal na pagdiriwang na ito ay maipagsanggalang nawa sa mga kasamaan ngayon, at sa hinaharap ay malasap namin ang walang hanggang bunga ng pagtubos diyan sa kalangitan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

*May paggunita sa Octava ni San Juan Bautista.*

Pagbasa mula sa sulat sa mga taga-Hebreo.

**M**GA KAPATID: nang dumating na si Cristo, ang Pinakapunong Pari ng mabubuting bagay na narito na. At siya'y naglilingkod doon sa sambahang higit na dakila, walang katulad at hindi ginawa ng tao. Ang sambahang iyon ay wala sa sanlibutang ito. Minsan lamang pumasok si Cristo sa Dakong Kabanal-banalan, at iyo'y sapat na. Hindi dugo ng mga kambing at guya ang kanyang inihandog, kundi ang sarili niyang dugo, upang magkaroon tayo ng walang hanggang kaligtasan. Kung ang dugo ng mga kambing at toro, at ang abo ng dumalagang baka ang iwiniwisik sa mga taong itinuturing na marumi upang sila'y luminis ayon sa Kautusan, higit ang nagagawa ng dugo ni Cristo! Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu, inialay niya sa Dios ang kanyang sarili bilang handog na walang kapintasan. Ang kanyang dugo ang lumilinis sa ating mga budhi sa mga gawang walang kabuluhan upang tayo'y makapaglingkod sa Dios na buháy. Kaya nga, si Cristo ang tagapamagitan ng bagong tipan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, ipinatawad ang paglabag ng mga tao noong sila'y nasa ilalim pa ng naunang tipan. Dahil dito, makakamtan ng mga tinawag ng Dios ang walang hanggang pagpapala na kanyang ipinangako. — **R. Salamat sa Dios.**

**PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • 1 Jn 5:6-8, 9**

**H**IC est, qui venit per aquam et sanguinem, Jesus Christus: non in aqua solum, sed in aqua et sanguine.

**V.** Tres sunt, qui testimónium dant in coelo: Pater, Verbum et Spíritus Sanctus; et hi tres unum sunt. Et tres sunt, qui testimónium dant in terra: Spíritus, aqua et sanguis: et hi tres unum sunt.

**Allelúia, allelúia. V.** Si testimónium hóminum accípimus, testimónium Dei majus est. **Allelúia, allelúia.**

**I**TO ay si Jesucristo na naparirito sa tubig at ng dugo. Hindi sa tubig lamang bagkus sa pamamagitan ng tubig at dugo.

**V.** Tatlo ang nagpapatotoo sa langit: ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo; at ang tatlong ito'y iisa ngang tunay. At mayroong tatlong nagpapatotoo sa balat ng lupa; ito'y ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo; at ang tatlong ito ay nagkakaisa ngang tunay.

**Alelúya, alelúya. V.** Kung pinaniniwalaan natin ang patotoo ng mga tao, higit nating dapat paniwalaan ang patotoo ng Dios na siyang mas dakila. **Alelúya, alelúya.**

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**N**OONG PANAHONG IYON: pagkatanggap ni Jesús ng alak, sinabi niya, “Naganap na!” Iniyuko niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga. Noo'y Araw ng Paghahanda, at ayaw ng mga Judío na manatili sa krus ang mga bangkay hanggang sa Araw ng Pamamahinga, dahil natatangi ang Araw na iyon ng Pamamahinga. Kaya't hiniling nila kay Pilato na ipabali ang mga binti ng mga ipinako sa krus at alisin ang mga bangkay. Pumunta nga roon ang mga kawal at binali ang mga binti ng dalawang ipinakong kasama ni Jesus. Ngunit pagdating nila kay Jesus at makitang patay na siya, hindi na nila binali ang kanyang mga binti. Subalit sinaksak ng isang kawal ang tagiliran ni Jesus sa pamamagitan ng sibat at agad lumabas doon ang dugo at tubig. Ang nakakita nito ang nagpatotoo upang kayo rin ay maniwala. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

**ANTIPONA SA PAG-AALAY • 1 Cor 10:16**

**CALIX** benedictiónis, cui benedícimus, nonne comunicatio sanguínis Christi est? et panis, quem frángimus, nonne participatio córporis Dómini est?

**ANG KALIS** ng pagpapala na ating ipinagpapasalamat ay hindi ba ang ating pakikibahagi sa dugo ni Cristo? At ang pagkain natin ng tinapay na ating pinipira-piraso ay hindi ba pakikibahagi naman sa kanyang katawan?

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

**PER** hæc divína mystéria, ad novi, quæsumus, Testaménti mediatórem Jesum accedámus: et super altária tua, Dómine virtútum, aspersionem sanguínis mélius loquéntem, quam Abel, innovémus. Per eúndem Dóminum.

**SA** pamamagitan ng banal na mysteryong ito, hinihiling namin na lumapit kami nang may buong pagtitiwala kay Hesus, ang tagapamgitan namin sa bagong tipan; at panibaguhin sa Iyong altar, Panginoon ng mga hukbo, ang pagwiwisik ng Dugo na mas mahusay pa kaysa kay Abel. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

**PREPASYO NG BANAL NA KRUS**

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Panginoon, Amang banal, Dios na makapangyarihan at walang-hanggan: